

PAG-UNAWA SA

ASEAN CHARTER AT NG ASEAN ECONOMIC COMMUNITY (AEC) BLUEPRINT

Isinalin sa Filipino ni Laya at Galileo Garcia, in-edit ni Arcy Garcia para sa PAKISAMA mula sa panulat ni Jenina Joy Chavez, Philippine Program Coordinator, Focus on the Global South. Editor: Ma. Estrella A. Penunia. Nilimbag ng AFA at suportado ng Agriterra. Rm 206, Partnership Center, 59 C. Salvador St., Loyola Heights, Quezon City , Philippines. www.asianfarmers.org; afa@asianfarmers.org. Vol 3 No. 1. February 2008

Ang Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) ay isang rehiyonal na organisasyon ng sampung bansa sa Timog Silangang Asya – Brunei Darussalam, Cambodia, Indonesia, Lao PDR, Malaysia, Myanmar, Philippines, Thailand, Singapore at Vietnam. Ito'y itinatag noong Agosto 8, 1967 para sa layuning mapabilis ang paglago ng ekonomiya, panlipunan at pangkalinangang kaunlaran at pati na rin ang kapayapaan at katatagan sa rehiyon.

Table 1: Kasaping Bansa ng ASEAN at Taon ng Pagsali

Brunei Darussalam	8 Enero 1984
Cambodia	30 Abril 1999
Indonesia	8 Agosto 1967
Lao PDR	23 Hulyo 1997
Malaysia	8 Agosto 1967
Myanmar	23 Hulyo 1997
Philippines	8 Agosto 1967
Singapore	8 Agosto 1967
Thailand	8 Agosto 1967
Vietnam	28 Hulyo 1995

Sa mahigit na apatnapung (40) taon ng pagkakatatag nito, ang ASEAN ay marami nang napirmahang mga deklarasyon at mga pahayag na kumakatawan sa ideolohiya ng asosasyon. Ngunit ang ASEAN ay pinupuna sa mabagal nitong pagsulong at sa hindi nito pagtalakay sa mga kontrobersyal na isyu tulad ng

karapatang pantao. Tinagurian tuloy itong the “ASEAN Way”, o ang pagsasagawa ng diplomasya batay sa di-panghihimasok, konsultasyon at konsensus.

Ngunit nitong nagdaang sampung taon, upang gawin itong mas masigla at upang tugunan na rin ang ganitong mga puna, ang ASEAN ay naglunsad ng mga mapanghamong proyekto.

Noong Disyembre 1997, pinagtibay ang ASEAN Vision 2020, na nagbabalangkas ng isang estratehikong layunin upang magkaroon ng mas malakas na pagtutulungan ang mga miyembro tungo sa pagbuo ng isang “komunidad ng mga mapag-arulang lipunan”. Ito ang nagbigay daan sa mga sunud-sunod na mga plano ng pagkilos upang isakatuparan ang mga layuning naibalangkas sa ASEAN Vision 2020. Tinukoy ng mga nasabing plano ng pagkilos ang mga patakaran at proyekto na siyang isasagawa ng mga kasaping bansa tungo sa layunin ng mas mahigpit na pagtutulungan at pagiging komunidad. May haba itong anim na taon, at niriribisa tuwing ikatlong taon. At una sa mga proyektong ito ay ang Hanoi Plan of Action, na ipinatupad mula 1998 hanggang 2004. Ang kasalukuyang proyekto ay ang Vientiane Action Programme (VAP) na sinimulan mula 2004 hanggang 2010.

Sa ika-9 na Summit na ginanap sa Bali, Indonesia noong Oktubre ng taong 2003, nilagdaan ng mga lider ng ASEAN ang Concord II (Bali Concord II). Sa kasunduang ito, muling pinagtibay ang kanilang pagtataya (commitment) na maitatag ang isang komunidad na ASEAN at tinukoy ang kooperasyong pang seguridad at politikal, pang ekonomiya at socio-cultural bilang kanyang tatlong haligi ng kooperasyon. Ang kasunduan ang siyang nakapagtatag ng ASEAN Economic Community (AEC), ng ASEAN Security Community (ASC) at ang ASEAN Socio-Cultural Community (ASCC).

Noong ika 30 ng Nobyembre 2007, sa ika- 13 Summit sa Singapore, nilagdaan ng mga lider ang ASEAN Charter at ASEAN Economic Community (AEC) Blueprint. Ang pagkakalagda sa dalawang dokumento ay nangahulugan ng mas pormal na kasunduan para sa Asosasyon at nakabase sa mga patakarang-asosasyon.

Ang ASEAN Charter ay para sa rehiyon, kung ang Konstitusyon ay sa isang bansa. Kinakatawan nito ang mga batayang prinsipyo at layunin ng organisasyon, at nililina ang balangkas at paraan ng pagsapi at pamamahala. Ang AEC Blueprint sa kabilang banda ay maikukumpara sa long-term o strategic development plan ng isang bansa na nagsasaad ng mga polisiya at proyekto na ipapatupad sa ibinigay na

panahon. Sa ASEAN, ang AEC Blueprint ay isa sa tatlong plano na gagamitin para maisakatuparan ang ASEAN Community. Ang dalawa pa ay ang Political-Security Community at ang Socio-Cultural Community Blueprints, na hanggang sa ngayon ay binubuo pa.

Ano ang ASEAN Charter?

Ang ASEAN Charter ay isang kasunduan upang itatag ang legal at institusyunal na mga balangkas ng ASEAN. Mayroon itong tatlong (3) kabanata, limampu't limang (55) Artikulo, at apat (4) na Annexes. Ang istrukutra at susing mga probisyon ng Charter ay nakabalangkas sa ikalawang Table. Habang ito ay napirmahan na ng mga pinuno ng ASEAN, kailangan pa itong aprubahan ng iba pang kasapi, ayon sa proseso ng pagsasabatas at ratipikasyon ng bawat bansa.

Ang Charter ang nagbibigay ng legal na personalidad sa ASEAN. Isinasadiwa nito ang mga naunang kasunduan at deklarasyon ng ASEAN, at muli nitong ipinapahayag ang dati na nitong mga prinsipyo ng komunidad, kooperasyon, konsultasyon at pagkakakasundo ng lahat, pati na rin mga tukoy na mithiin ng tatlong komunidad ng ASEAN na nabanggit sa unahan. Nililinaw din nito kung paano ito makikipag-ugnay sa labas ng komunidad at paano ito makikipagrelasyon sa Estados Unidos at iba pang internasyunal na organisasyon.

Ang malaking bahagi ng Charter ay tungkol sa kung paano tatakbo ang ASEAN, ang paraan ng operasyon nito, pagtukoy sa kanyang layunin at prinsipyo, at ang ugnayan ng bawat kasaping bansa. Inaayos nito ang mga isyu ng pagsapi, at binabalangkas nito ang tungkulin at responsibilidad ng iba't ibang sangay. Nagtatag din ito ng mga bagong balangkas sa antas rehiyon tulad ng:

- ASEAN Coordinating Council na binubuo ng mga ministrong panlabas ng bawat bansa, na nagpuypulong dalawang beses isang taon;
- ASEAN Community Councils: ASEAN Political-Security Council, ASEAN Economic Council, and ASEAN Socio-Cultural Council;
- Committee of Permanent Representatives

to ASEAN, na binubuo ng mga in-appoint na kinatawan na may ranggong Ambassador, na nakabase sa ASEAN Secretariat sa Jakarta.; at ang

- ASEAN Human Rights Body, na ang mga gabay sa operasyon ay babalangkasin pa sa pulong ng ASEAN Foreign Ministers

May mga pagbabago ring sinimulan ang CHARTER sa ilang mga kasalukuyang sangay ng ASEAN tulad ng:

- * ang pagsasagawa ng ASEAN Summit dalawang beses isang taon, kaysa sa dating isang beses isang taon;
- * isa na lamang na Tagapangulo sa mga matataas na sangay nito na nangangahulugang kung sino ang tagapangulo ng ASEAN sa taong yaon, siya rin ang magiging tagapangulo ng halos lahat na mga mahahalagang sangay ng asosasyon; at
- * Ang pagpapalakas at pagbabagong-kahulugan ng gampanin ng Pangkalahatang Kalihim at ng ASEAN secretariat

Table 2: Pahapyaw na Gabay sa ASEAN Charter

Kabanata	Titulo	Batayang Probisyon
	Preamble	Ang PREAMBLE ay isang pahayag na nagbibigay kahulugan kung bakit kailangan ang Charter at ang mga layunin na nais nitong makamit. Malaking hakbang sa Charter ay ang pagsama nito sa “paggalang at proteksyon ng karapatang pantao at mga batayang kalayaan.”
I	Layunin at Mga Prinsipyo	Dito nakabalangkas ang labinglimang layunin ng ASEAN kasama rito ang paggawa ng iisang merkado at production base, at pagtataguyod ng kakanyahan ng ASEAN. Ang kabanatang ito ay nagbabalangkang ng 14 na prinsipyo, kasama ang muling pagbibigay-diin sa mga dati nang deklarasyon at pahayag ng asosasyon.
II	Legal na Personalidad.	Kabanatang nagbibigay ng legal na personalidad sa ASEAN.
III	Kasapian.	Ang kabanatang nagpapaliwanag sa pagsapi sa ASEAN,

		ang mga karapatan at obligasyon ng mga kasapi, at kung paano magiging bagong kasapi.
IV	Mga Sangay	Sinusuri ng kabanata ang mga iba't ibang opisyal na sangay sa ASEAN at pinapaliwanag ang kanilang balangkas at tungkulin. Ang mga bagong sangay ay ang ASEAN Coordinating Council, ang ASEAN Community Councils, ang Lupon ng Permanenteng Kinatawan sa ASEAN, at ang Sangay ng Karapatang Pantao ng ASEAN.
V	Iba pang may kinalaman sa ASEAN	Tinutukoy nito ang mga institusyong may kinalaman sa ASEAN, at nagbibigay ng kapangyarihan sa mga lupon ng permanenteng kinatawan na magpataw ng mga kaparaanan at kung paano maki-ugnay sa kanila.
VI	Kapangyarihan at mga Pribelehiyo	Ang kabanatang ito ang naglilinaw ng mga kapangyarihan at pribelehiyo habang nagsasagawa ng tungkulin sa ASEAN. Ang nilalaman nito ay babalangkasin pa sa isang hiwalay na dokumento.
VII	Pagpapasiya	Binibigyang-diin ng kabanatang ito na ang konsultasyon at lahatang pagsang-ayon ang siyang magsisilbing pangunahing paraan ng pagpapasiya.
VIII	Pagsasa-ayos ng Hidwaan	Hinihingi ng kabanata na ang dialogo, konsultasyon at negosasyon ang gagamitin sa pagsasaayos ng mga hidwaan. Anumang hindi maresolba ay pagpapasiyahan sa ASEAN summit.
IX	Pinansiya at Paggastos	Ang mga gastusin ng ASEAN ay magmumula sa pantay-pantay na kontribusyon ng bawat kasaping bansa.
X	Pamamahala at kaparaanan	Ang tagapangulo ng ASEAN ay iikot sa bawat bansa, kada taon. Ingles ang pangunahing wikang gagamitin sa ASEAN.
XI	Pagkakakilanlan at Mga Sagisag	"Isang Pangarap, Isang Kakanyahan, Isang komunidad" ang salawikain ng ASEAN.
XII	Ugnayang Panglabas	Ang mga tagapag-ugnay sa Dialogo ay binibigyang karapatan na kumatawan sa ASEAN at tumayong

		katuwang na tagapangulo ng mga pulong sa mga ka-ugnay nito.
XIII	Pangkalahatan at kahulihang mga probisyon	Ang pagpapatibay ng Charter ng ASEAN ay dapat kaakibat ng mga pangloob na hakbang ng mga kasapi. Muling susuriin ang Charter pagkatapos ng limang taon ng implementasyon nito.
Annex 1	Sektor ng mga Sangay-ministr o ng ASEAN	Listahan ng mga sangay sa ilalim ng 3 sektor-komunidad ng ASEAN (Political-security, Economic at Socio-Cultural)
Annex 2	May mga kinalaman sa ASEAN	Ito ay listahan ng iba't ibang may kinalaman sa ASEAN ayon sa kategorya: institusyong Akademiko; Mambabatas; Oganisasyong Pangnegosyo; Pinahintulutang Mga Samahan ng Mamamayan; at iba pang may interes at kinalaman sa ASEAN.
Annex 3	Watawat ng ASEAN	Binibigyang-kahulugan watawat ng ASEAN, pati na sukat at anyo nito.
Annex 4	Sagisag ng ASEAN	Binigyang-kahulugan ang ASEAN emblem, pati na ang sukat at anyo nito.

Ano na ang naging tugon sa ASEAN Charter?

Magkakahalo ang reaksyon ng iba't ibang sektor sa Charter. Ang mga gobyerno sa loob at labas ng ASEAN ay naniniwalang kailangan ang charter upang mabigyan ng legal na kapangyarihan ang mga kasunduan at deklarasyon ng ASEAN. Nakikita ring nagbibigay ang charter ng pormalidad sa ASEAN dahil sa pagtatakda ng mga alituntunin, bukod pa sa pagpapakita ng kahandaan ng asosyasyon na ipatupad ang mga kasunduan ayon sa mga pormal na alituntuning nabanggit

Samantala, maraming samahang pantao ang nagpahayag ng malaking pagkadismaya sa charter dahil kulang na kulang ito sa paglikha ng mga oportunidad ng paglahok ng mga mamamayan. Halimbawa, wala itong malinaw na mekanismo sa pagsasaaayos ng mga hidwaan, at pagsampa ng mga reklamo. Marami sa mga mekanismo nito ay iniwan na lang sa mga sangay nito upang linawin. Bagaman binabanggit ng charter ang isang people-oriented na ASEAN, hindi naman ito naglagay ng mga mekanismo sa paglahok ng mamamayan at sa usapin ng katapatan sa paglilingkod at paggastos. Wala itong probisyon sa kung paano ito maipapasailalim sa independyenteng pagkilatis, at kung paano lalahok ang mga

interesadong mamamayan sa mga opisyal na gawain nito, at kung paano nito ipapakalat ang impormasyon.

Nakasentro pa rin sa mga pamahalaan ang ASEAN at ni walang probisyon hinggil sa mga mamamayan, lalo na sa mga magsasaka, manggagawa at kababaihan.

Malinaw ang pagkiling nito sa kabuhayang ginagabayan ng palengke o merkado. Ang layon tungo sa Iisang Merkado at iisang production base ay pawang nakasandig lamang sa bukas na merkado at hindi nagbibigay pansin sa iba pang maaaring uri ng pangkabuhayang interbensyon. Nagiging isang malubhang usapin ito kapag tinatalakay sa kabuuan ang AEC tulad ng nasa ibaba.

Ang pagbanggit ng karapatang pantao sa PREAMBLE at sa DEKLARASYON ng mga PRINSIPYO at ang pagbubuo ng sangay ng karapatang pantao ang pinakamagandang probisyon sa charter. Ngunit ang probisyon sa karapatang pantao, na siyang isinulong ng mga samahan sa loob ng isang dekada ay hindi pa rin ganap na nalilina. Ang patakaran naman na gagabay sa sangay ng karapatang pantao ay pagpapasiyahan pa ng mga ministrong panlabas.

Panghuli, ang pagbabanghay ng charter ay kulang na kulang sa konsultasyon. Hindi ibinabahagi ang burador nito sa mga tao bago ito mapinalisa. Kaya napakalimitado ng oportunidad ng mga mamamayan na maging bahagi ng pagbubuo ng charter. Ngayon, mararatipika ang charter nang hindi nauunawaan ng marami ang mga implikasyon nito. Marami sa mga mekanismo na iniaatas ng charter ay kailangan pang linawin at angkupan ng mga kinakailangang patakaran. Tulad ito ng pagbabalangkas ng mga batas upang ipatupad ang mga sinasaad ng isang konstitusyon o pagbabalangkas ng mga alituntunin sa implementasyon ng mga batas na naipasa na ng kongreso. Ngunit sa katotohanan, ang ganitong gawain ay kasinghalaga ng mga nilalaman mismo ng charter.

Ano ang ASEAN Economic Community (AEC)?

Ang AEC ay isang sa mga haligi ng pinapangarap na komunidad ng ASEAN na binigyang-hugis ng Bali Concord II. Ang ASEAN ay naghahangad ng iisang merkado at production base sa 2015. Nangangahulugan na sa 2015, ang pagluwas ng produkto, serbisyo, puhunan at mga manggagawa sa mga bansang kasapi sa ASEAN ay magiging bukas at magiging liberal, at ang paglipat lipat ng pumumuhunan ay mas mapapadali. Meron pa ring mga eksepsyon at restriksyon

(lalo na sa pagdaloy ng pera at puhunan) sa liberalisasyon, at ang mga kasapi na hindi pa handang buksan ang kanilang sektor pangserbisyo ay pwedeng piliing huwag munang buksan ang sector (ASEAN minus X Formula). Ngunit ang layunin at kasunduan ay ang tanggalin ang lahat ng restriksyon at eksepsyon na ito, at para sa lahat ng kasapi na mgkaroon ng ganitong paninindigan.

Ang isang merkado at production base ay nangangahulugan lang na imbes na ang pagtingin sa merkado at pinagkukunan nito sa nakakulong lamang sa mga pambansang hangganan, ang mga miyembro ay titignan ito sa kabuuan. Nangangahulugan ito na ang mga kasapi ay ituturing ng pareho ang mga produkto at serbisyo na nanggagaling sa kahit saang bansang kasapi sa ASEAN tulad ng sa kanilang mga lokal na produkto at serbisyo; ibibigay nito ang parehong pribelehiyo at paraan ng pagpasok sa ASEAN na namumuhunan at kanilang mga lokal na negosyante; at ang mga manggagawa at propesyonal ay malayang makakapagtrabaho kahit saan sa loob ng ASEAN.

Upang mapadali ang pagkakaroon ng nag-iisang merkado at production base, ang AEC ay nagbibigay ng prioridad sa dalawang bahagi: ang priority integration sectors, at sa pagkain, agrikultura at kagubatan. Mayroong labindalawang priority integrated sectors: agro-based na produkto, sasakyan, electronics, isda, produktong goma, paglalakbay sa himpapawid, e-ASEAN, healthcare, tourism, at logistics. Ito ang mga sector na kung saan lahat ng kasapi ay mayroong interes, at kung saan sila magkakaroon ng kompetisyon. Ang kaisipan ay kung magiging malaya ang mga sector na ito, mas madali itong pag-ugnayin at ang mga kasapi ng ASEAN ay makakaangat sa rehiyon sa mga sector na ito sa pag-akit ng intra-ASEAN na mamumuhunan at pangangalakal (halimbawa ay ang outsourcing sa pagitan nila), at matulungang mapaunlad ang mga produktong gawa ng ASEAN.

Ang pagbibigay ng pansin sa pagkain, agrikultura at kagubatan ay may kinalaman sa kung paano papaunlarin ang sector na sinasabing pinakasensitibo sa mga kasapi. Upang mabuo ito para sa nag-iisang merkado, ang Blueprint ng AEC ay nakatuon sa paano gagawin ang malayang kalakalan sa rehiyon, at kung gaano mapapataas ang pamantayan. Isa ring alalahanin ang pagtutulungan at paglipat ng teknolohiya na tutulong ang mga internasyunal/pangrehiyong mga organisasyon (Tulad ng Food and Agricultural Organization) at ng mga pribadong sector. Ito rin ay nananawagan para sa pag-uugnay ng mga lumilikha ng mga produktong agrikultura sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga kooperatiba sa agrikultura.

Maliban sa pagnanais ng nag-isang merkado, pinapangarap din ng AEC ang isang rehiyon na may matatag na ekonomiya at ganap na pagkakawing nito sa kabuhayan ng daigdig. Sa pagtatalaga ng mga polisiya at pagtatayo ng mga kinakailangang imprastraktura makakamit ang isang rehiyong may matatag na kabuhayan. Upang makamit ito, pag-uugpungin ng ASEAN ang mga polisiya sa kompetisyon, proteksyon para sa mga mamimili, intellectual property rights, pagbubuwis at ang e-commerce. Magtatayo ito ang isang integrated transport network (pang himpapawid, pandagat, panglupa); gagawa ng ICT systems na magkokonekta at magagamit ng lahat ng bansa sa rehiyon; at magsulong ng mga proyekto upang pag-ugnay-ugnayin ang mga electricity grids at gas pipelines; isulong ang pagmimina sa rehiyon; at hikayatin ang mga pribadong sektor na pondohan ang mga hangaring ito. Sa pamamagitan ng Initiative for ASEAN Integration (IAI), ang isyu ng katarungan ay matutugunan sa pagtatayo ng mga small and medium enterprises (SMEs); at ang paglalapit ng agwat sa pagitan ng mga mas mayayaman/ mas malalaki at mga mahirap/ mas maliliit na bansa sa ASEAN. Ang IAI ay isang proyekto na kikilala sa mga pangangailangan sa technical assistance and capacity building ng mga bansa sa ASEAN upang ganap na makasali sa regional integration. Panghuli, nilalayan din ng AEC na iayon ang mga kasunduang ASEAN sa mga patakaran at alituntuning multi-lateral at magsusulong ng mga patakarang lalo pang mag-uugnay ng rehiyon sa iba pang bahagi ng daigdig.

Table 3: BATAYANG ELEMENTO NG AEC BLUEPRINT

<i>KATANGIAN</i>	<i>BATAYANG ELEMENTO</i>
A. Isang merkado at production base	
Malayang pagpasok at paglabas ng mga kalakal	Pagtanggap sa Taripa -sa 2010 para sa ASEAN 6 at 2015 naman para sa CMLV (may mga pleksibilidad sa ibang sensitibong mga produktohanggang 2018) -Pangungunahing Sektor sa Integrasyon: 2007 para sa ASEAN 6 at 2012 para sa CMLV -Sensitive List (SL) taripa sa 0-5 % sa 1 Enero 2010 para sa ASEAN 6, 1 Enero 2013 para sa Vietnam, 1 Enero 2015 para Lao PDR at Myanmar at sa 1 Enero 2017 para sa Cambodia Pagtatanggal sa mga non-tariff barriers

	<p>-Sa 2010 sa ASEAN 5 (ASEAN 6 bukod sa Pilipinas), 2012 para sa Pilipinas, at 2015 at pwedeng magbago hanggang 2018 para sa CMLV o ilang sensitibong produkto)</p> <p>-Pagpapadali ng Transaksyon sa pamamagitan ng: Trade Facilitation,</p> <p>-Custom Integration, ASEAN single window.</p>
Malayang pagpasok at paglabas ng serbisyo	<p>- pagtanggap ng lahat ng mga restiksiyon kalakalan ng serbisyo sa 2015</p> <p>- Tuloy tuloy na liberalisasyon sa serbisyong-pampinansiya sa 2020</p> <p>- Liberalisasyon sa pamamagitan ng ASEAN X minus formula</p> <p>- Mutual recognition arrangements (MRAs)</p>
Malayang pagpasok at paglabas ng negosyo	<p>-Umiiral na ASEAN Investment Area (AIA) sa 2015 (Pagbubukas ng lahat ng mga industriya at pambansang pagtrato sa lahat ng mga namumuhunan, na may ilang di-kasali)</p> <p>-Pagtatatag ng ASEAN Comprehensive Investment Agreement (ACIA)</p>
Malayang pagpasok at paglabas ng puhunan	Pagpapatibay ng ASEAN Capital Market Development and Integration, at pagtataguyod ng mas malakihang paglipat lipat ng puhunan.
Malayang pagbiyahe ng mga may- kasanayang paggawa	Padaliin ang paglipat at pagkuha ng mga trabahador na propesyunal at may kasanayang manggagawa sa mga pangangalakal at negosyong nasa iba't ibang bansa;
Pangunahing sektor para sa Integrasyon	komprehesibong integrasyon ng 12 prioridad na sektor na siyang magpapabilis sa integrasyon ng ekonomiya ng rehiyon
Pagkain, Agrikultura at kagubatan	kalakalang ASEAN sa loob at labas nito at produktong ASEAN sa linya ng pagkain, agrikultura, at kagubatan na kayang itapat sa mga produkto sa daigdig kalaunan sa

	<p>pamamagitan ng liberalisasyon sa kalakal ng agrikultura at kagubatan; ang pagpapaunlad at pagpapatupad ng pare-parehong management system at regulasyon sa pangisdaan, pagamit ng pesticide, forest certification at bio-security; ang pagpapatupad ng mas pinaunlad na mga pamantayan ng kalidad at kaligtasan.</p>
<p>B. Rehiyong pangkabuhayan na kayang makipagtapatan sa daigdig</p>	
	<p>Pagpapatupad at pagpapalawak ng mga patakaran sa kompetisyon, proteksyon sa mamimili at karapatang pang intelektwal na pagmamay-aari</p> <p>Pagpapalawak ng imprastraktura</p> <ul style="list-style-type: none"> -mabilis, ligtas at integrated transport network; ASEAN Single Aviation Market; ASEAN Single Shipping Market -kakayahang teknikal na patakbuhan ang mga systemang ICT at pagkakaugnay-ugnay ; pagbabase sa e-commerce - Kooperasyon ng Enerhiya sa bio-fuel, pagdugtong-dugtong ng mga linya ng kuryente at gas [Trans-ASEAN Gas Pipelines (TAGP) at ASEAN Power Grid (AGP)] -Pangangalakal at pamumuhunan sa sektor ng mina at likas-yaman -Paghikayat pa sa mas paglahok ng pribadong sektor -Pagpapaunlad ng mga patakaran upang maalis na ng tuluyan ang dobleng pagbubuwis at upang pagbutihin pa ang e-commerce
<p>C. Makatarungang Kaunlarang Pangkabuhayan</p>	
	<p>ASEAN Policy Blueprint for SME Development (APBSD) 2004-2014</p> <p>The Initiative for Asian Integration (IAI) – ang mag-aalis ng tuluyan sa agwat ng mga bansa</p>

	sa ASEAN at ng ASEAN sa agwat nito sa daigdig.
D. Integrasyon sa Pandaigdigang Kabuhayan	
	Nagkakaisang Kapamaraan sa Ugnayang panlabas Pangkabuhayan (pagpapanday ng mga alituntunin ng AEC na nakabatay sa mga kalakarang pangkabuhayan sa daigdig) Pinatinding pakikilahok sa network ng mga produksyon sa daigdig
PAGPAPATUPAD	
Mekanismo ng Pagpapatupad	<ul style="list-style-type: none"> • Malinaw na komunikasyon • Lahatang pagkakasundo. Pinaunlad na sistema ng pagsasa-ayos ng mga hidwaan • ASEAN X-formula. Flexibilidad. • Pag sang-ayon sa mga legal na instrumento sa loob ng 6 na buwan
Komunikasyon	<ul style="list-style-type: none"> • planong pang komunikasyon. malayang paguusap para sa platapormang pangrehiyon • pambansang mekanismo sa pag-uulat. website ng AEC
Mga pangsuporta at katuwang	<ul style="list-style-type: none"> • ASEAN Development Fund (ADF) • Pagaaral -Teknikal • Pag-aakma ng target ng AEC sa antas pambansa • Pakikilahok ng ADB, WB/IFC , mga katuwang sa ugnayan, at ng pribadong sektor • Palakasin ang kakayayahang magsaliksik magplano ng ASEAN secretariat • Palakasin ang kakayahan ng bawat kasapi na magplano at magsaliksik • Pagpapaunlad ng kakayahan ng mga

	bagong kasapi
Balik-tanaw	- Pana-panahong pagtatasa AEC

- ❖ *ASEAN-6* ay tumutukoy sa Brunei Darussalam, Indonesia, Malaysia, Philippines, Singapore and Thailand.
- ❖ *CLMV* ay tumutukoy sa Cambodia, Lao PDR, Myanmar and Viet Nam

Ano ang kahulugan ng AEC sa atin?

Ang ASEAN Economic Community ay isang pangarap na sa kasamaang palad ay nabuo ng walang maayos na konsultasyon sa iba't ibang sektor pang ekonomya sa rehiyon. Ang resulta ay ang isang disenyo ng plano na masyadong teknikal at hindi malaman ng mga ordinaryong tauhan sa kabuhayan kung saan sila lulugar. Nasa lugar kung saan mas nakakalamang ang mga malaking tauhang pangkabuhayan at negosyo sa mga patakaran at mga proyekto na nakalagay sa plano, ngunit nagkukulang ito ng madaming patakaran para sana makatulong sa mga maliliit na negosyante upang makaangkop sa integrasyon.

Hindi rin nabanggit ang mga maliliit na magsasaka o mangingisda sa disenyo ng plano, at ang mga nabanggit lamang ay ang mga propesyonal at highly-skilled na manggagawa. Ang seksyon ng kooperatibang pangagrikultura ay nakatuon lamang sa paguugnay, nagmumungkahi lamang ito na kailangan nilang magsama sama at maging malaki. Ngunit hindi malinaw kung paano ang mga kooperatiba ay makakatulong sa pagtatanggol ng produksyon at mapapataas ang kita.

Halos itinuturing ng AEC ang mabilis at simpleng liberalisasyon ay siya na ring regional economic integration. Ni hindi nito nililinaw kung ang mga benepisyo ng regional integration ay nakalaan para sa rehiyon. Sa pagnanais nito na mai-ugpong ang rehiyon sa pandaigdigang kabuhayan, mukhang ang AEC ay kapamaraan lamang upang bilisan pa ang pagbubukas ng merkado ng mga bansang kasapi nito sa pandaigdigang merkado. Ang blueprint ay mukhang intresado lamang na maabot ang merkado sa labas nito kaysa ang pagpapaunlad ng sarili nitong pamilihan. Ang priority integration sectors na lamang ang natitirang maaaring magpaunlad ng panloob na merkado bagaman hindi pa natin tiyak kung ito'y magtatagumpay. Ang priority integration sectors ay sinimulan na noong pang 2004 sa VAP, ngunit hanggang sa ngayon ay wala pang naipapakitang tunay na pagsulong.

Napatunayan na na ang liberalisasyon sa pangangalakal at pamuhunan ay nagkakaroon ng negatibong epekto sa ekonomiya at sa trabahong lokal. Maraming pagaaral ang nagdududa sa sinasabing nakakatulong ang liberalisasyon sa pagtaas ng kalakalan na nagbubunga naman ng benepisyong pangkabuhayan. Ang mga pagaaral na ito ay nagsasabing hindi kaagad nagbubunga ng pag-unlad ang liberalisasyon. Dapat magsilbing babala ang naging karanasan ng Timog Asya ng magkaroon ito ng krisis-pinansyal. Ang lumaganap na liberalisasyon, lalo na sa usapin ng puhunan, ay maaring mauwi sa volatility ng takbo ng puhunan at maapektuhan ang batayang ekonomiya. At totoo rin ito sa pagbubukas ng sektor ng produkto at serbisyo sa kompetisyon mula sa ibang bansa. Ang mga naglalakihang proyekto tulad ng interconnected power grid, ang pagsusulong ng bio-fuels, o ang pagpasok ng mga mining concessions ay maaaring maglikha ng (a) maramihang dislokasyon ng mga maapektuhan ng proyekto; (b) manganganib din ang seguridad sa pagkain dahil mas binibigyan ng halaga ang konbersyon ng mga lupang sakahan para sa industriya o para sa bio-fuels; at (c) maari ding lasunin o tuyuin ang pinagkukunan ng tubig at wasakin ang kapaligiran. Hindi masyadong pinapakita ng disensyo ng AEC ang ganitong mga problemang makakaharap at ang mga masamang madudulot ng liberalisasyon at ng mga higitang proyekto.

Hindi rin naglalaman ang disenyo ng AEC ng mga pagsasaliksik kung paano matututo mula sa mga paglago at pagunlad ng ekonomiya ng mga nangungunang bansa sa timog silangang asya. Halimbawa na lang, hindi pinaguusapan ang mga suportang pamproteksyon ng mga gobyerno (ng Malaysia, Thailand at Indonesia) sa mga lumago at umunlad nilang industriya; o kung ano ang naging papel ng mga naglalakihang paggastos ng Singapore sa mga pampublikong serbisyo at infrastruktura upang mapaunlad ang kanyang sariling merkado. Sa halip, ang disenyo ay nagpapahayag na tanggalin ang mga siguridad na ito (e.g. performance requirement and national regulation are non-tariff barriers) at himukin ang mga pribadong sektor na mamuhunan . Mayron ngang binabanggit tungkol sa proteksyon ng mamimili at mga alituntunin ng kompetisyon, ngunit kailangan pa itong buuin. Hindi rin nabanggit ang transparency, karapatan sa impormasyon, at ang pakikilahok ng mga mamamayan, bilang mga proteksyon.

May mga tukoy na gawain at takdang panahon kung kailan ang mga patakarang pangliberalisasyon ay dapat nang masunod, ngunit hindi binabanggit ang mga kailangan at kung paanong ang bawat kasapi ay makaka-ugnay nang masinop. Isa sa mga mahalagang parte upang masimulan ang mga proyekto na nasa listahan ng AEC blueprint ay ang pagpopondo, ngunit kulang ang diskusyon

kung paano makakakuha, ang CLMV halimbawa, ng pondo upang sila ay makilahok sa mga proyektong ito. Ang tinalakay lamang sa blueprint ay ang IAI at ang ASEAN Development Fund, na parehong limitadong mekanismo ng pagpopondo, na ang mas pinagtutunan ng pansin ay mga proyektong may kinalaman lamang sa capacity-building at tulong teknikal. Hindi nito tinalakay kung paano tutulong ang mga mayayamang miyembro sa mga mas mahihirap na kasapi sa pagpopondo ng mga proyekto. Alam naman ng lahat na ang mga non-ASEAN members (katulad ng mga bankong pangrehiyon, institusyong intenasyunal at mga bilateral donors) ay nagbibigay ng mas malaking halaga sa ASEAN regional fund kaysa sa mga miyembro mismo ng ASEAN. Habang nangangailangan ng karagdagang tulong, ang hindi pantay na mga kontribusyon sa pondo ng rehiyon na gallng sa labas ay may impuwensya sa mga uunahing mga proyekto. Posibleng ang mga proyektong maisasagawa ay ayon sa prioridad ng mga tumutulong at nagpopondo.

Bukod sa isyu ng pagpopondo ay ang iba pang mas malawak na mga isyu na kinikwestyon kung paano matatamo ang pagkakaisang pangrehiyon sa AEC. Ang blueprint ay nakatuon sa pagsunod at pag-ugpong ng ASEAN sa mga international na patakaran at polisiya, ngunit hindi tinalakay kung paanong ang mga naiibang interes ng bawat kasaping bansa ay mapoprotektahan sa konteksto ng mga nasabing batas pandaigdigang.

Ang ideya ng ASEAN Economic Community ay maaaring nagtataglay ng mga magagandang posibilidad sa mga tao sa rehiyon. Ang salita na komunidad ay kaakibat ng pagtutulongan. Ang ideya ng lisang merkado at production base ay maari ding magbunsod ng mas maigting na ugnayan at pakikipag-ugnayan sa isa't isa, at bawasan ang pakikipagkumpetensiya. Maaring din itong mangahulugan na ang mga produkto ng rehiyon, produktong pinagtutulungang malikha ng mga bansa sa rehiyon, ay sama-samang itaguyod.

Subalit hindi ganito ang AEC. Upang maging kapakipakinabang ang AEC, dapat itong baguhin at isali ang mamamamayan sa pagpapalano at implementasyon. Ang paghahabol sa paglago ng kabuhayan ay hindi masama kung sa likod nito ay ang hangaring paunlarin ang buhay ng nakararami at ng mga komunidad. Ang isang tunay na komunidad ay siyang yayakapin ng mga tao dahil binubuo ito ng kanilang pangarap ng pagtutulongan at pagkakaisa.

Anu-ano ang mga kasunduang pagtitibayin ng ASEAN at paano ito makakaapekto sa atin?

Ang ASEAN Free Trade Agreement (AFTA) ang siyang pangunahing kaayusan sa ASEAN. Ito ay isasakatuparan sa pamamagitan ng Common Effective Preferential Tariff (CEPT) Scheme na nagsasaad na lahat ng taripa ay aalisin sa 2010 para sa ASEAN 6 at sa 2015 para sa CLMV. Lahat, pati na mga sensitibong produkto ay kasali ditto sa 2016.

Bukod sa AFTA, kasali rin ang ASEAN sa pito pang free trade agreements tulad ng:

-ASEAN-China FTA (ACFTA)- ang Early Harvest Program, na may kinalaman sa prutas at gulay ay iniimplementa na ngayon sa Pilipinas, Indonesia at Thailand; tinatapos pa ang mga negosasyon sa iba pang usapin;

-ASEAN-KOREA FTA (AKFTA)-nalagdaan na ang kasunduan, bukod sa Thailand;

-ASEAN-Japan Comprehensive Economic Partnershiup (AJCEP)- tapos na ang negosasyon at inaasahang malalagdaan ito sa unang kalahating bahagi ng 2008;

-ASEAN-India Regional Trade and Investment Area –inaasahang matatapos ang negosasyon hinggil sa produkto sa Mayo ng 2008;

-ASEAN-Australia and New Zealand FTA- kasalukuyan pang isinasagawa ang negosasyon;

-ASEAN-European Union FTA- isang magkasamang deklarasyon ang napirmahan noong Nobyembre 2007 ngunit hindi pa nagsisimula ang negosasyon;

-East Asia Free Trade Area (EAFTA)- nasa yugto pa ng konsultasyon at pag-aaral;

Ano ang ating mga pangunahing Usapin kaugnay ng agrikultura sa mga bansang ASEAN?

Nananatiling sensitibo at napakahalaga ang sektor agrikultura sa halos lahat ng bansa sa ASEAN. Bukod sa Singapore at Brunei, mula 7.8% (Malaysia) hanggang 50% (LaO PDR) ang kontribusyon nito sa total domestic output.

16%-78% ang kontribusyon nito sa pagbibigay trabaho sa loob ng mga bansa. Ito pa rin ang isa sa mga pangunahing pinagkukunan ng iukabubuhay ng populasyon lalo na sa mga lalawigan.

Subalit nananatiling mahirap at salat ang buhay naming mga maliliit na magsasaka, lalaki man o babae. Sa ASEAN, pinakamataas ang tantos ng kahirapan sa mga probinsiya na kung saan ang agrikultura ang siyang pangunahing hanapbuhay.

Ang aming kahirapan ay bunga ng hindi pantay na distribusyon ng mga kayamanan (lupa, etc) at kawalan ng akses sa mga oportunidad pangkabuhayan at kawalan ng partisipasyon sa proseso ng pagpapasiya.

Ang kasalukuyang integrasyon ng agrikuytura sa ASEAN ay hindi nagbebenipisyo sa aming mga maliliit na magsasakang babae at lalaki. Sa halip, ang lahat ng kita at tubo ay nakukuha ng mga malalaki at dambuhalang korporasyon at agri-bisnes. Kapag hinayaan itong magpatuloy, lalo kaming mawawalan ng hanap-buhay, illikas, at tuluyang buburahin ang aming kulturang pangnayon. Ang nagpapasan ng bigat nito ay ang mga kababaihan sa kanayunan dahil sila ang nagtatrabaho ng lampas pa sa 50% ng gawain sa pagtatanim. Habang kulang ang pera sa lukbutan, lalong walang pera para sa pagkain, kalusugan, at edukasyon ng buong pamilya.

Ano ang aming mga pangunahing panawagan at panukala para sa ASEAN?

Prinsipyo. Simple lang ang kailangan naming mga lalaki at babaeng maliliit na magsasaka at tagalikha: trabahong may kaseguraduhan, disente kayat mas masaya at mas makahulugang buhay.

Ang mga patakarang pang-agrikultura ng ASEAN ay dapat nakatuon sa pag-ibsan ng kahirapan dahil ito ang pangunahing ikinabubuhay ng nakakararami nitong mamamayan. Hindi ito dapat nagbubunga ng maramihang paglikas, at di dapat nito lalong nilalagay sa panganib ang aming buhay. Dapat ding hindi makalimutan ang napakahalaganga papel ng agrikultura sa pagkakamit ng katiyakan sa pagkain ng sinumang bansa.

Kung kaya dapat na isinusulong ang integrasyon sa agrikultura na ang tinitiyak ay ang pag-angat ng buhay ng nakararami, lalo na ng mga pinakadahop. Dapat itong makatarungan, likas-kaya, nakabatay sa karapatang pantao, kumikilala at nagsusulong sa kapantayan ng kasarian at tuloy nagbubunga ng pagsasakapangyarihan ng mga mahihirap.

Patakarang. Hinihingi namin sa ASEAN na magbalangkas ng mga estratehikong patakarang na nag-uugnay ng kalakalan at kaunlarang nagsusulong ng mga prinsipyong isiniwalat sa itaas. Dapat itong magawa muna sa antas pambansa, at pagkatapos ay sinupin at iakma sa antas-rehiyon. Ang patakarang ito ay dapat magtaglay ng mga sumunod na prinsipyo at katangian:

1. Unang kailangan ng mga maliliit na lalaki at babaeng magsasaka: lupa na bubungkalin. Sa Indonesia, malaking bahagi ng lupa ay nasa kamay ng estado at malalaking plantasyon. Sa Pilipinas, malaking bahagi ng lupang sakahan ay nasa kamay pa rin ng mga panginoong maylupa na may koneksyon at hawak pa rin ang iba't ibang sangay ng pamahalaan. Nararapat lamang na ang patakarang ito ay dapat magbigay ng akses at kontrol sa lupa sa kamay ng mga maliliit na magsasaka bilang kundisyon sa kalakalan at programang pangkabuhayan.
2. Maglaan ng sapat na tulong at suporta sa maliliit na magsasaka tulad ng akses sa pautang/kapital, teknolohiya, seguro sa sakahan at suporta sa presyo ng produktong agrikultural, lalo na sa mga babaeng magsasaka;
3. Magbuhos ng makahulugang pondo sa infrastructure na kailangan ng maliliit na magsasaka.
4. Pagtuunan ng pansin ang pagsisiyasat at pagpapaunlad ng kalidad ng mga lokal na produkto.
5. Tiyakin ang kasapatan sa pagkain ng bansa; na kung saan ang mga magtatanim ay ay natutulungang umani ng mga pagkaing alinsunod sa safety at environmental standards, at kung saan binabalanse ng gobyerno ang pagtugon sa lokal na pangangailangan kaysa sa pangangailangan ng ibang bansa sa iba pang tanim at produkto.
6. Layon ang pagbubukas ng ating kabuhayan sa tunay na pangangailangan at kahandaan ng ating ekonomiya, at sa proteksyon ng trabaho at kabuhayan ng ating mga mamamayan.
7. Paunlarin ang kakayahan natin sa pagbubuo ng mga industriyang mag-uugnay sa pag-ani at sa pagpoproseso ng mga ito. Ang interes ng tagalikha at ng mga kumukunsumo ay kayang paglapitin kung ang presyo ng mga proidukto ay hindi malayo sa presyo ng parehong bilihin na mula sa ibang bansa.
8. Gawing pangkaraniwan ang sustainable agriculture sa pamamagitan ng tuluy tuloy na promosyon at popularisasyon. Maglabas ng mga sukatan para sa sustainable at patas na produksyon at pagtitinda upang mahikayat ang mga magsasaka at manininda na umani lamang ng mga produktong ligtas ngunit nagbibigay ng sapat na kita para sa lahat.
9. Magtayo ng mga mekanismo ng paglahok ang mga maliliit na babae't lalaking magsasaka, ng kanilang mga samahan, at ngo's na may kinalaman sa agreikultura, sa proseso ng pagpapasiya sa ASEAN. Upang matiyak ang kanilang makabuluhang partisipasyon, ang mga gobyerno ng ASEAN ay dapat:

- *ilantad ang anumang kasunduang pinag-uusapan, sa pinakamaagang maaari itong ibunyag;
- *magsagawa ng mga public hearings at konsultasyon lalo na sa mga maliliit na magsaska, mangingisda at mga ngos;
- *isalin sa lengwahe ng mga mamamayan ang mga kasunduan ;
- *magtakda ng sapat na kinatawan ang mga maliliit na magsasakang lalaki at babae sa mga sanggunian at sangay ng pagpapasiya;

Ano na ang nagawa ng AFA upang makipag-ugnay sa ASEAN?

Nagsimulang makipag-ugnay ang AFA sa ASEAN noong 2005 nang organisahin nito , katuwang ang AsiaDHRAA, ang isang forum hinggil sa "ASEAN and Agriculture" na dinaluhan ni Dr. Azmi Mat Makhir, isang mataas na opisyal ng ASEAN secretariat. Ito ay bahagi ng isang kumperensiyang pangrehiyon na inorganisa ng Forum-Asia, SEACA, Focus on the Global South at ng Institute for Global Justice.

Sa pagsisimula ng taong 2006, bumuo ang ASEAN ng Eminent Persons Group (EPG) na inatasang gumawa ng mga rekomendasyon hinggil sa balangkas ng ASEAN charter. Nakapagsumite ng mga rekomendasyon hinggil sa 3 haligi ng ASEAN (seguridad, pangkabuhayan at pang sosyo-kultural) sa EPG ang AFA kasama ang Solidarity for Asian People's Advocacies (SAPA), isang mas malawak na network sa rehiyon. Noong Disyembre 2006, magkatuwang na inorganisa ng AFA at AsiaDHRAA ang isang panel session tungkol sa "ASEAN regional Integration in Agriculture: What It Is, How It Should Be", sa loob ng ASEAN Civil Society Conference, na ginanap sa lungsod ng Cebu.

Noong 2007, lalong pinaigting ng AFA ang pakikipag-ugnay sa ASEAN sa pamamagitan ng dalawang pangrehiyong konsultasyon at pagdalo sa lahat ng tatlong kumperensiya ng civil society bago ang ASEAN Leaders Summit sa Singapore. Isang kumperensiya rin ang ginanap noong Marso 2007 na nagtuon ng pansin sa burador ng Charter, bio-fuels, at ang mga bilateral na FTAs. Ang resulta ng mga konsultasyong ito ay isinumite kay Secretary general Ong Keng Yong at sa iba pa nitong mataas na tagapayo. Noong Disyembre 2007 panibagong konsultasyon ang naganap, na nagtuon naman ng pansin sa nilagdaang ASEAN charter at sa Economic Community Blueprint. Lumahok din ang AFA sa 6th ASEAN People's Assembly na inorganisa ng ASEAN-ISIS, sa ACSC 2007 na inorganisa ng Singapore Institute for International Affairs, at sa ACSC+3 na inorganisa ng SAPA.

Ano ang maaari nating gawin upang makipagtalastasan sa ASEAN sa mga isyu ng ASEAN Charter, AEC at agrikultura sa pangkalahatan?

Para sa mga tulad nating mga magsasaka sa AFA, kailangan nating palakasin at konsolidahin ang ating mga samahan sa pambansa at rehiyonal na antas upang maging mas malakas a mabisa tayong tinig sa lahat ng antas (lokal, pambansa, at pangrehiyon). Wala man tayong perang mayroon ang malalaking negosyo, mayroon naman tayong bilang. At kaya nating tapatan, kung hindi man lampasan, ang kanilang marubdob na dedikasyon, para sa ating interes, sa layuning gawing patas ang kalakalan at pangalagaan ang kahalagahan ng agrikultura para sa ating maliliit na magsasaka.

Katuwang ng iba pang grupo sa civil society, maaari tayong magpalitan ng pananaw at impormasyon at isulong ang bentahan ng mga produkto ng direksahan. At sa pakikipag-alyansa sa gobyerno at iba pang grupo sa civil society, maaari tayong magsagawa ng mga proyekto sa sustainable production, ang maingat na paggamit at pagprotekta sa kapaligiran, at iba pang kaparaanan ng patas na pangangalakal. Mayamang karanasan ito para sa atin, sa usapin ng pagpapatibay ng ating mga kakayahan para sa sariling pamamahala at pagnenegosyo.

Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa ating mga maaaring gawin upang maimpluwesiyahan ang ASEAN sa dapat nitong maging direksyon, ayon sa ating pananaw:

-Talakayin nating mga maliliit na magsasakang lalaki at babae nang masinop ang isyu ng ASEAN charter, ang AEC at ang kanyang mga patakaran sa agrikultura

-Ipaalam ang ating kahilingan na magkaroon ng tinig sa mga pambansa at rehiyonal na mga pagpupulong sa ASEAN charter at AEC Blueprint;

-Lumahok sa pagbabalangkas ng mga probisyong di pa tapos sa ASEAN charter, lalo na ang mga patakaran na gagabay sa sangay ng Karapatang pantao, at ang gawain, responsibilidad at karapatan ng iba pang bagong tatag na mga sangay ng ASEAN;

-Igiit ang lugar ng partisipasyon ng mga mamamayan sa ASEAN at magrekomenda ng mga akmang mekanismong pabor sa atin;

-Itulak ang talakayan sa malawak na layunin ng pangkabuhayang komunidad na lampas sa isyu ng liberalisasyon at magbanghay ng mga tukoy na rekomendasyon;

-Magrekomenda ng mga tukoy na patakaran at proyekto sa hindi pa nalilinaw na bahagi ng AEC Blueprint: proteksyon sa mamimili, mga patakaran sa kumpetisyon, karapatang-ari, at ang kaunlaran ng mga kooperatibang agrikultural;

- Maging aktibo sa pagpipinalisa ng Political-Security at Socio-Cultural Blueprints;
- Matuto sa karanasan ng mga kapwa nating alyansa pangmagsasaka sa rehiyon na nakikipag-ugnay din sa iba't ibang sangay ng iba't ibang rehiyonal na pamahalaan;
- Tuluy-tuloy na mag-ipon at magsagawa ng mga pananaliksik sa mga alternatibong modelo ng kaunlaran sa hanay ng agrikultura;
- Igiit sa ASEAN ang isang kaparaanan ng pagsubaybay sa trabaho ng ASEAN sa isyu ng kalakalan sa agrikultura, akses at pagmamay-ari ng mga likas na yaman, likas-kayang agrikultura, at paglahok ng mga magsasaka sa proseso ng pagpapasiya;

KONGKLUSYON

Binigkis na sampung tangkay ng palay ang logo ng ASEAN at isa sa kanyang layunin na nakasaad sa Dokumento ng Pagtatatag ay ang pagpapaunlad ng agrikultura sa rehiyon.

Bilang mga maliliit na lalaki at babaeng magsasaka sa rehiyon, kinakaharap natin ang maraming hamon sa iba't ibang antas: sa sakahan, sa komunidad, sa bansa, sa rehiyon, at sa buong mundo. Tayo ang nagpapakain ng lipunan. Ngunit tayo ay sinasalakay ng di mabilang na mga panganib pati na ng walang habas na kumbersyon ng ating mga sakahan at ang dominasyon ng mga dambuhalang korporasyon. Ang panatilihing buhay at masigla ang maliitang pagsasaka ay isang napakalaking hamon, sa panahong kung saan kailangan mong maging malaki upang mabuhay. Kayat sa kabila ng ating kaliitan, kaya nating magtagumpay kung tayo'y maguugnayan at magtrabaho nang sama-sama at sama samang maghanap ng mga bagong kaparaanan.

Mahalagang ipakita na hindi lang ang pag-abot sa bibili ng ating paninda ang ating layon kundi ang proteksyon ng mga lupaing pangsaka, at ng kapaligiran, ang

pakikiisa sa mga kapwa natin magsasaka at iba pang sektor ng lipunan at ang pangangalaga sa uri ng pamumuhay ng magsasaka. Anga pagpapalitan ng impormasyon at pagsasagawa ng mga proyekto (tulad ng pag-ipon ng mga binhi sa rehiyon, posibleng magkatuwang na produksyon ng mga batayang ani, mula pagtatanim hanggang sa pagpoproseso at pagtitinda ng mga ito) ay makakatulong din sa pagpapaigting ng interaksyon nating mga magsasaka . Ang mga ganitong kongkretong inisyatiba at pagsisikap ay magpapatunay na ang integrasyon sa antas rehiyon ay maaaring mangyari at magtagumpay samantalang ang interes at pangarap ng mga maliliit na magsasaka ang siyang nasa sentro nito.

Mga Pinagsanggunian:

Charter of the Association of Southeast Asian Nations, Singapore, 20 November 2007. available online at: <http://www.aseansec.org/AC.htm>

ASEAN (2007). ASEAN Economic Community Blueprint. Available online at: http://www.13thaseansummit.sg/asean/index.php/web/documents/document/s/asean_economic_blueprint

Chandra, A. and Chavez, J. (2008). "Civil Society Engagement with ASEAN: An Overview" in Chandra, A. and Chavez, J. (eds.), *Civil Society Reflections on South East Asian Regionalism: ASEAN@40*, pp. 21-36 (Quezon City: SEACA).

Chandra, A. and Chavez, J. (2008). "People-Centered Economic Solidarity: Beyond the Asean Economic Community Blueprint" in Chandra, A. and Chavez, J. (eds.), *Civil Society Reflections on South East Asian Regionalism: ASEAN@40*, pp. 91-106 (Quezon City: SEACA).

Chavez, J. and A. Chandra (2008). *Dilemmas of Competition and Community-Building: Developing Civil Society Response to Regional Trade and Economic Integration*, SEACA Occasional Papers, January.

SAPA – Solidarity for Asian Peoples' Advocacies Working Group on ASEAN (2007). Analysis of the ASEAN Charter. Available online at: <http://www.focusweb.org/analysis-of-the-asean-charter.html?Itemid=94>

AFA. Reclaiming Spaces: Small Men and Women Farmers Defining the Challenge for ASEAN. A paper presented by Mr. Muhammad Nurddin during the ACSC;3 Confernece, Nov 3, 2007, Singapore.

Ofreneo, Rene E. (2006) "Neo-Liberalism and the Working People of Southeast Asia". in Focus on the Global South. /Revisiting Southeast Asian Regionalism, /pp 11-21 (Philippines: Focus on the Global South)